



Kautusang Pampubliko ng Glendale Blg. 2020-12

Sa ilalim ng Pang-Emerhensiyang Awtoridad ng Lungsod ng Glendale

Petsa ng Paglathala: ika-30 ng Hulyo 2020

Samantalang noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng lokal na emerhensiya. Kinailangan ito dahil sa lumulubhang pag-aalala sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam, mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan. Ang bilang ng mga kumpirmadong kaso ay patuloy na tumataas sa loob ng maikling panahon. Ipinapayo sa atin ng Centers for Disease Control and Prevention na ang COVID-19 ay mabilis na kumakalat sa bawat tao kaya ito ay naglabas ng mga alituntuning nagrerekomenda sa publiko na sumunod sa mga patakaran at magpanatili ng social distancing o pagpapanatili ng distansya sa kapwa hanggang maaari. Bilang karagdagan, nagpalabas ang Konseho ng Lungsod noong Marso 16, 2020 na isara at limitahan ang access sa ilang mga pampublikong establisimiyento;

Samantalang ang Lungsod ng Glendale ay mas matinding nagsisikap na mapanatili ang kalinisan ng kamay, maingat na pamantayan sa paghinga, at social distancing. Lubhang kritikal na gawin ng Lungsod ang lahat ng kanyang makakaya upang mapabagal ang pagkalat sa komunidad at maiwasan ang hindi kinakailangang pahirap sa sistemang medikal. Upang makatulong sa mga pagsisikap, sa ilalim ng emerhensiyang awtoridad na ibinigay sa Direktor ng Serbisyong pang-Emerhensiya alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, upang gumawa at mag-isyu ng mga patakaran at regulasyon sa mga bagay na makatuwirang may kaugnayan sa proteksyon ng buhay at pag-aaring naapektuhan ng naturang emerhensiya, iniutos na ang isang serye ng pansamantalang mga paghihigpit ay ipatupad sa ilang establisimiyento sa buong Lungsod ng Glendale kung saan ang malaking bilang ng mga tao ay may maaaring magtipon at manatiling magkakalapit.

Samantalang noong Marso 4, 2020, ang Lupon ng mga Superbisor at and Departmatento ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay nagdeklara ng emerhensiya para sa lokal at pampublikong kalusugan bilang tugon sa mabilis na pagkalat ng corona virus sa buong bansa; at noong Marso 19, 2020, ay nagpalabas ng Safer-at-Home Emergency Order, na inamendahan ng maraming ulit at ang ang pinakabaong pag-amenda ay noong Hulyo 18, 2020, na tinawag na Reopening Safer at Work and in the Community para sa pagkontrol ng COVID -19 ("County Order");

Samantalang simula nang mailabas ang County Order, ang Health Officer ng Los Angeles County ay nagpalabas ng ilang pagbabago na nagpataas ng mga aktibidad sa ilang lugar at naglimita naman sa iba;

Samantalang naaayon sa mga natuklasan ng State of California at ng County tungkol sa tumataas na bilang ng kaso ng COVID -19, ang Lungsod ng Glendale ay naglabas din ilang kautusang pampubliko bilang tugon sa biglang pagtaas ng dami ng kaso ng pandemic at upang makatulong sa pagpapababa ng bilang ng mga naiulat na kaso at upang mapanatiling ligtas and mga mamamayan ng Glendale;

Samantalang ang pananatili sa bahay ang pinakamabisang paraan upang mapatag ang kurba at maprotektahan ang sarili, pamilya, at ang buong komunidad mula sa COVID -19, at ang layunin ng County Order ay ang patuloy na matiyak na ang mga residente ay mananatili sa kanilang mga tahanan hanggang maaari, na limitahan ang malapit na pakikipag-ugnayan sa ibang tao, maging sa mga lugar na indoor o outdoor; na mahimok ang mga taong maaaring magtelework o magtrabaho mula sa bahay na patuloy itong gawin hanggang maaari sa panahon ng pandemic na ito; na ipagbawal ang mga pagtitipon ng mga taong hindi bahagi ng isang sambahayan o tirahan, maliban lamang sa ilang limitadong pangangailangang pinahihintulutan ng County Order;

Samantalang ang layunin ng Pampublikong Kautusang ito ng Direktor ng Emerhensiyang mga Serbisyo ng Glendale (“Pampublikong Kautusan”) ay:

- a. Pamalagiin ang pinakamaraming bilang ng tao sa kanilang mga tirahan hanggang maaari, na ayon sa pagprotekta sa kanilang kalusugan at sa kalusugan ng iba, habang ginagampanan ang mga mahalagang gawain, serbisyo ng gobyerno, at pagpapatuloy ng mga negosyo;
- b. Matinding pabagalin ang pagkalat ng COVID-19;
- c. Mabawasan ang pagkahawa sa COVID -19, sakit na COVID -19, at mga kamatayang dulot ng COVID -19 at mga komplikasyon nito;
- d. Protektahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga naninirahan sa Glendale at ng ibang mga taong nakatira sa Glendale;
- e. Pahintulutan ang mga patuloy na ag-operate ng mahalagang gawain, negosyo, at serbisyo ng gobyerno at maihatid nang ligtas ang mga ito;
- f. Mapanatili ang saklaw ng personal na kalayaan sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga gawaing libangan sa labas ng tirahan sa ilalim ng mga kundisyong ipinatutupad upang mabawasan ang mga panganib sa kalusugan;

n

Samantalang ang County Order ay nagpapahintulot sa mga tao na gawin ang mga pinahihintulang gawain na tinutukoy dito, ngunit hinihingi na ang mga tao ay magpatupad ng pagdistansiya sa kapwa tao sa lahat ng pagkakataon habang nasa labas at magsuot ng telang pantakip sa mukhaa sumasakop sa ilong at bibig kung kapag may o maaaring may makaugnayang ibang tao, upang mabawasan ang panganib ng pakikisalamuha kapwa para sa kaligtasan nila at ng iba;

Samantalang dahil sa mayroon pa ring mataas na posibilidad ng malaking pagtaas ng bilang ng mga kaso ng pagkahawahan sa komunidad kapag ang isang taong nagkaroon ng virus na nagiging sanhi ng COVID-19 ay walang sintomas o mayroon lamang banayad na sintomas, at hindi nila alam na sila ay mayroong virus at naisasalin sa iba, ang Health Officer ng Los Angeles County ay patuloy ng nagbabawal sa mga pagtitipon sa buong county;

Samantalang sa County Order, alinsunod sa Seksiyon 26602 at 41601 ng California Government Code at Seksiyon 101029 ng California Health and Safety Code, hiniling ng Health Officer ng Los Angeles sa ang mga pinuno ng pulisya ng Los Angeles County na tiyakin ang pagsunod sa pagpapatupad ng County Order, at ang anumang paglabag sa anumang probisyon ng County Order ay mangangahulugan ng napipintong banta at panganib sa pampublikong kalusugan, nangangahulugan ng pampublikong gulo, at may kaparusahang multa, pagkabilanggo o pareho.

Ngayon, sa bisa ng awtoridad na ipinagkaloob alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, ang Direktor ng Emergency Services ay naglalabas ng mga sumusunod na

kautusan, agad na magkakabisa, at hanggang sa katapusan ng estado ng emerhensiya sa loob ng Lungsod ng Glendale:


Seksiyon 1. Ang Pampublikong Kautusang ito ay ipinatutupad sang-ayon sa tumataas na bilang ng kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Lungsod ng Glendale, at sa buong rehiyon at naglalayong mabigay sa Lungsod ng karagdagang kagamitan upang maipatupad ang County Order. Ang mga ebidensiyang pang-agham at kasanayan sa pampublikong kalusugan ay nagpapakita na ang pinakamabisang hakbang upang mapabagal ang pagkahawahan sa komunidad ng COVID -19 ay sa pamamagitan ng pagdistansiya sa kapwa tao, paglimita sa mga pagtitipon doon lamang sa mga magkakasama sa isang tirahan, at pagsusuot ng pantakip sa mukha na sumasakop sa ilong at bibig. Base sa gulang at kalusugan ng malaking bahagi ng mga mamamayan ng Lungsod ng Glendale, nalalagay ang libo-libong residente sa panganib ng malubhang kumplikasyon sa kalusugan, kasama na ang kamatayan buhat sa COVID -19.

Seksiyon 2. Ang lahat ng negosyo ay dapat magpatupad sa mga kostumer, mga bisita, at mga empleyado ng anim na talampakang pagdistansiya sa kapwa hanggang maaari. Ang mga kostumer at mga bisita ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha na sumasakop sa ilong at bibig upang magkaroon ng karagdagang proteksiyon para sa manggagawa at kostumer. Ang isang may-ari o nagpapatakbo ng negosyo ay maaaring tumangging papasukin o serbisyuhan ang isang taong walang suot na pantakip sa mukha tulad ng hinihingi ng Kautusang Pampubliko. Bilang karagdagan, ang lahat ng may negosyong tingi ay hinihikayat na maglagay ng plexiglass upang paghiwalayin ang kahera at kostumer sa lahat ng punto ng bentahan.


Seksiyon 3. Anumang paglabag sa mga Pampublikong Kautusan binaggit dito ay maaring isanggunii sa Opisina ng City Attorney para sa pag-uusig sa ilalim ng Municipal Code ng Glendale Kabanata 1.20, na nagpapataw ng multa na hindi lalampas sa \$1,000 o pagkabilanggo na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gumamit ng kanilang diskresyon sa pagpapatupad ng utos na ito at palaging isaisip ang hangarin ng Kautusang ito. Ang mga paglabag ay sasailalim sa mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, na nagpapataw, kasama ang iba pang mga mekanismo ng pagpapatupad na nakalagay doon, para sa multa ng \$400 para sa unang citation, \$1,000 para sa pangalawang citation, at \$2,000 para sa ikatlong citation.

Day of July 30th, 2020

Time: 6:00 p.m.

By: 
Roubik Golanian
Acting Director of Emergency Services

Approved as to Form:
MICHAEL J. GARCIA, CITY ATTORNEY

By: 
Title: City Attorney
Date: 7/30/2020